

Taon XL Blg. 4 Pebrero 21, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Ibasura ang VFA at iba pang di pantay na kasunduan

Panibagong dagok sa pambansang soberanya ang pagbabasura kamakailan ng Korte Suprema sa petisyon ng ilang patriyotikong personalidad na pawalambisa ang Visiting Forces Agreement (VFA).

Ang pagkatig na ito ng hukuman sa umano'y ligalidad ng VFA ay nagsisilbing basbas sa umiigting na interbensyong militar ng US sa bansa. Dahil dito, asahang lalong magiging walang pakundangan ang dati nang walang kaabug-abog na paglapastangan ng imperyalismong US sa soberanya ng Pilipinas.

Malaon nang itinuturing ng US na isa nilang malaking base militar ang buong Pilipinas. Ito ay dahil pinahihintulutan sila ng VFA na libreng maglabasmasok sa alinmang bahagi ng kapuluan. Sa pamamagitan ng tinataguriang joint military exercises, na ilang ulit at sunud-sunod na isinasagawa taun-taon, nagagawa ng US na panatilihin ang permanenteng presensya ng mga pwersang militar nito sa Pilipi-

Taliwas sa Konstitusyong 1987 ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas, dumadaong ang mga barkong militar ng US na may dalang armas nukleyar. Nagsasagawa sila ng mga operasyong paniktik, nagbibigay ng teknikal at iba pang ayuda sa reaksyunaryong AFP at lumalahok mismo sa mga operasyong kombat laban sa mga rebolusyonaryong pwersa at iba pang armadong

grupo sa bansa.

Marami nang ulat ng tuwirang paglahok ng mga pwersang Amerikano sa iba't ibang operasyong kombat sa Mindanao. Kabilang dito ang paglahok ng mga sundalong Amerikano sa mga operasyon ng AFP, hindi lamang laban sa mga pwersang Moro, kundi laban na rin sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nang patindihin ng 10th ID ng Philippine Army ang operasyong militar laban sa mga rebolusyonaryong base ng BHB sa Southern Mindanao noong kalagitnaan ng 2008, apat na tropang Amerikano ang naiulat na kasama sa *tacti*-



Mga tampok sa isyung ito...

nas.

Mga kliyente ng *preneed,* di nababayaran PAHINA 3

12 sundalo, patay sa ambus sa Sorsogon PAHINA 6 Ka Joema: 50 taong paglilingkod sa sambayanan PAHINA 7 cal command post ng mga nag-ooperasyong pwersa ng AFP sa Compostela Valley. Gamit ang mga makabagong kasangkapan, nagbigay sila ng teknikal na paniktik para magabayan ang maniobra sa kombat ng mga papet na pwersang militar.

Masinsing pagrerekorida at paniniktik ang isinasagawa ng mga tropang Amerikano at ng papet na hukbo sa paligid ng kampo ng AFP na pinagdarausan ng pinagsanib na pagsasanay-militar ng US at Philippine Army ngayon sa Panay, lalupa't malakas ang paglaban ng mamamayang Tumanduk na inagawan ng lupang sinasaklaw ng kampo.

Gayundin, sa Bicol, ilang sundalong Amerikano ang nakitang lumalahok sa mga operasyon ng AFP sa iba't ibang bayan doon upang "hawanin" ang lugar para sa pagdating ng mas marami pang pwersang Amerikanong lalahok sa Balikatan na isasagawa roon sa darating na Abril.

Ang VFA ay isa lamang sa marami nang di pantay na mga kasunduan sa pagitan ng papet na gubyerno at ng amo nito. Sa kasulatan nito ay may pantay umanong karapatan ang magkabilang panig, pero

sa katunayan ay kiling sa US at mga tropang militar nito. Hindi kailanman maaaring magkaroon ng pantay na kasunduan sa pagitan ng amo at kanyang tuta.

Napakarami nang kaso ng krimen at pang-aabuso ng mga tauhang militar ng US sa bansa na hindi nabibigyan ng hustisya dahil hindi ipinaiilalim ng US ang mga pwersa nito sa mga batas at prosesong hudisyal ng Pilipinas.

Ang paggahasa ni US Lance Corporal Daniel Smith sa isang Pilipina noong 2005 ay isa lamang sa libu-libong krimen nitong nakalipas na mga dekada na pinagtatakpan ng mga awtoridad ng US kakutsaba ang papet na rehimen. Kabilang dito ang mga kasong pagpatay ng mga tropang Amerikano sa mga sibilyang Pilipino. Walang pinanagutan ang gubyerno ng US sa mga ito at ang mga kriminal ay agarang naitatakas pabalik sa US.

Si Smith, na kaisa-isang nahatulang nagkasala at nasentensyahan ng isang korte sa Pilipinas, ay sikretong itinakas patungong US Embassy sa kalagitnaan ng gabi noong katapusan ng 2006. Mismong mga punong upisyal ng gabinete ni ang nagpuslit sa kanya pa-

ra maiwasang makulong siya sa bilangguan sa Pilipinas.

Iniatas ng korte na idaan sa panibagong negosasyon sa pagitan ng embahada ng US at Department of Foreign Affairs ng papet na gubyerno ang pagbabalik kay Smith sa bilangguang nasa ilalim ng hurisdiksyon ng Pilipinas. Subalit dahil walang intensyon ang US na isuko at hayaang makulong sa Pilipinas si Smith, asahang walang patutunguhan ang gayong negosasyon, lalupa't wala rin namang determinasyon o kapangyarihan ang tutang gubyerno ni Gloria Arroyo na igiit ang soberanya at karapatan ng Pilipinas.

Kung may sundalo namang Pilipinong maaakusahan ng krimen sa US, siya ay makukulong sa bilangguang nasa hurisdiksyon ng gubyernong US. Ito ang nakasaad sa nabunyag kamakailang lihim na karugtong na kasunduang tinataguriang "VFA 2."

Kahit lantad na lantad ang pagiging makaisang-panig ng VFA, katawa-tawang ipinaggigiitan ng papet na gubyerno na dahil isa umano itong tratado, hindi ito maaring makaisang-panig na ibasura. Ang totoo'y makaisang-panig lang naman itong ipinasa ng Senado ng Pilipinas. Dahil di ito kailanman ipinasa ng Senado ng US, hindi ito itinuturing ng US na totoong tratado.

Ang VFA av pinakahuli lamang sa mahabang listahan na ng mga di pantay na kasunduang yumuyurak sa soberanya ng Pilipinas at nagpapatibay sa pang-aalipin ng US sa bansa, tulad ng Mutual Defense Treaty na may layong panatilihin ang dominasyon ng US sa bansa at sa rehiyon ng Asia-Pacific. Nararapat lamang na tuligsain at ibasura ito at lahat ng iba pang di pantay, antinasyunal at mapang-aping kasunduan sa pagitan ng imperyalismong US at papet na gubyerno ng Pilipinas. ΑB

*Bayan

Taon XL Blg. 4 Pebrero 21, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	
Ibasura ang VFA	1
Mga kliyente ng <i>pre-need</i> , di nababayaran	3
Paghahari ng mga heneral	4
Pagsusuko ng pambansang teritoryo	5
Matatagumpay na TO	
Ambus sa Sorsogon	6
Kampo ng CAFGU, sinalakay	6
Harasment sa Panay	6
Reyd sa asyenda ni Danding	6
50 taong paglilingkod sa sambayanan	7
Mga ulat koresponsal	
Presyo ng palay, napataas	7
Pananalanta ng pasistang estado	
7 sibilyan, nasugatan	8
Kahayupan ng AFP sa detenido	9
Pambobomba sa Tulunan	11
Sa ibayong dagat	
Lumalawak na ligalig	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Milyong kliyente ng pre-need, di nababayaran

inumpirma ng Philippine Federation of Pre-need Plans Companies Inc. na naghihingalo ngayon at hirap makapagbayad ng mga ob-Ligasyon nila sa mga kliyente ang mga kumpanyang pre-need dahil sa lumalalang krisis pampinansya sa daigdig at sa bansa. Ito ang ibinahagi ni Atty. Juan Miquel Vasquez sa paqdiniq ng Senado noong pangalawang linggo ng Pebrero kaugnay ng mga kumpanyang pre-need.

Tinatayang mahigit P46 bilyon na (70% ng pananagutan nila) ang kabuuang halaga ng pondong di na nababayaran ng mga kumpanyang pre-need sa mga dapat nang bayaran sa mga kliyente. Karamihan ng bumibili ng mga planong pre-need para sa edukasyon ng mga anak ay mga propesyunal, ordinaryong empleyado at migranteng manggagawa na sa ganitong paraan na lamang umaasang makapagpapaaral ng kanilang mga anak. Mahigit isang milyong klivente ng nangaluging mga kumpanyang pre-need ang namemeligrong hindi na makapagpaaral ng kanilang mga anak dahil maaantala o di kaya'y tuluyan nang hindi mababayaran ng mga kumpanya ang walang tigil ding tumataas na matrikula.

Nag-umpisang maghingalo ang mga kumpanyang pre-need noon pang 1992 nang simulan ang derequlasyon ng matrikula sa lahat ng antas ng eskwelahan. Dahil sa taun-taong pagsirit ng matrikula, mula noon ay nahirapan nang mabayaran ng mga kumpanyang preneed ang buong pananagutan nila sa mga kliyente. Sa kabila nito ay patuloy pa ring nagbenta ng mga pre-need plan para sa edukasyon ang mga kumpanya sa seguro kahit nahihirapan na silang bayaran ang nagtataasang matrikula. Nilimitahan na lamang nila ang bilang ng mga binabayarang kliyente. Dahil dito, nawalan na ng tiwala ang mga bumibili ng mga planong preneed kaya malaki ang nabawas sa mga kliyente nito. Nitong nakaraang taon, dumausdos nang P4 bilyon ang benta ng mga kumpanyang pre-need.

Lalong naging matindi ang tama ngayon sa mga kumpanyang pre-need bunsod ng pagragasa ng pandaiqdiqanq krisis pampinansya.

Malaking bahagi ng mga puhunan nila ay lubhang nanganganib dahil sa pagbagsak ng malalaking bangko at kumpanya sa pinanysa sa US at ibang bansa at paqdausdos muli mga pampinansyang instrumentong naglagyan nila ng mga pondo nila. Apat na kumpanpre-need

ang tuluyan nang nagsara at siyam pa ang matamang sinusubaybayan ng Securities and Exchange Commission (SEC) dahil sa kawalan na ng sapat na pondong pambayad sa mga klivente. Ang pinakamalaking kum-

panyang pre-need sa bansa, ang Philamlife, ay nanganganib na bumagsak na rin at hinahanapan ng makasasalba dahil sa lubhang pagkaluqi ng may-ari nitong American International Group (AIG), and pinakalamaking kumpanya sa seguro sa buong mundo. Umabot na sa bingit ng pagkabangkrap ang AIG kaya sinalba na lamang ito ng gubyerno ng US.

Laganap din ang mga anomalya at pang-aabuso ng mga kumpanyang pre-need sa paggamit ng mga pondo ng mga kliyente nila. Hindi mahiqpit ang regulasyon sa mga kumpanya sa seguro at pre-need, maliban sa alituntunin ng SEC na hindi dapat lumampas sa 25% ng pondo ng mga kliyente ang ipinupuhunan nila sa iba't ibang negosyo. Karamihan ng mga kumpanvang pre-need av walang pakundangang lumalabag dito. Sa kabuuan, mahiqit 65% nq pondo nq mqa klivente ang ipinuhunan ng mga kumpanyang pre-need sa mga alanganing instrumento sa pinansya—kabilang na ang mga nangangalugi at nagbabagsakan ngayon dahil sa pandaigdigang krisis pampinansya—at iba pang negosyong nabangkrap na.

Samantala, habang winawaldas ang pondong inilagak ng mga kliyente, napakarangya naman ng buhay ng mga may-ari ng mga kumpanyang pre-need. Nabunyag kamakailan na si Celso de los Angeles, may-ari ng Legacy Group, nagpapatakbo tatlong maanomalyang kumpanyang preneed, ay may malalaking mansyon sa Ayala Alabang

at Cebu, yate at di bababa sa limang mamahaling sasakyan na umaabot sa ₱10.4 milyon ang halaga.

Maliban sa imbestigasyon ng Senado, ang tanging nagagawa pa lamang ng gubyerno sa pamamagitan ng SEC ay obligahin ang mga kumpanyang pre-need na magdagdag ng puhunan. Binigyan sila ng hanggang kalagitnaan ng Abril para maghapag ng mga panukala nila. Pinag-aaralan pa raw ng mga kumpanya kung kakayanin pa nilang gawin ito o kaya'y magsasara na lamang. AB

Paghahari ng mga heneral

apalit ng kanilang patuloy na katapatan, dumaraming mga retiradong heneral at upisyal ng militar at pulis ang itinatalaga ni Gloria Arroyo sa kanyang gabinete at iba pang ahensyang sibilyan. Inaasahan ni Arroyo na mananatiling tikom ang bibig ng mga upisyal na ito tungkol sa mga anomalya, pasistang krimen at pandaraya sa eleksyon kung saan sila ang nagsilbing pangunahing opereytor ni Arroyo.

Ito ay mahigpit na tinutulan ng iba't ibang mga progresibong organisasyon at ng iba pang oposisyunista. Nangangamba sila na ang mga itinatalagang dating upisyal militar na ito ay gagamitin ni Arroyo sa pagkokonsolida ng kanyang pagkapit sa poder. Naniniwala silang bahagi rin ito ng pagpapatindi ng mga pasistang hakbangin laban sa mamamayan. Naihahambing nila ang mga hakbang na ito sa mga hakbangin noon ni Marcos bago niya ideklara ang batas militar.

Ang mga itinalaga ni Arroyo ay yaong pinakatapat sa kanya at gumampan ng susing papel sa kanyang paghahari.

Patuloy na nagsisilbing Executive Secretary si Eduardo Ermita. Itinalagang hepe ng Presidential Management Staff si Hermogenes Esperon. Si Avelino Razon naman ay hinirang na Presidential Adviser

on the Peace Process.

Sa kabila ng maraming reklamo sa kanyang trabaho, patuloy na nananatiling pinuno ng Department of Energy si Angelo Reyes. Nananatili ring pinuno ng iba't ibang ahensya ng qubyerno ang sumusunod: Hermogenes Ebdane (Department of Public Works and Highways), Leandro Mendoza (Department of Transportation and Communication) at Arturo Lomibao (Land Transportation Office). Hinirang kamakailan si Tirso Danga, na kasabwat sa "Hello Garci Scandal" noong 2005, bilang tagapangulo ng National Printing Office (NPO). Ang paghirang kay Danga ay pinaniniwalaang may kinalaman sa gagampanang papel ng NPO sa pagiimprenta ng mga balotang gagamitin sa pandaraya sa eleksyon sa 2010.

Para maipwesto ang iba pang tapat na mga upisyal, lumikha si Arroyo ng bagong mga upisina o katungkulan. Itinalaga si Pedro Cabuay Jr. bilang deputy secretary for counter-insurgency ng National Security Council. Itinalagang tagapayong militar si Arturo Carillo habang si Orlando Macaspac naman ay adviser on police affairs. Itinalaga naman si Honesto Isleta bilang presidential assistant on strategic information at Ernesto Carolina bi-

lang *undersecretary* ng Department of National Defense.

Ilan naman sa mga kinatawan o mga embahador sa iba't ibang bansa ay binigyan ng pabuya ni Arroyo tulad nina Ernesto de Leon na embahador sa Australia; Efren Abu, special envoy ng Brunei-Indonesia-Malaysia-Philippines-East ASEAN Growth Area; Roy Cimatu, special envoy sa Middle East; Generoso Senga, embahador sa Iran; Vidal Querol, embahador sa Indonesia; at Benjamin Defensor, ambassador-at-large for counter terrorism.

Samantala, isiningit din ni Arroyo sa iba't ibang ahensya at komisyon ang mga alipures niyang heneral at upisval tulad nina Thelmo Cunanan, tagapangulo ng Social Security System; Oscar Calderon, direktor ng Bureau of Corrections; Narciso Abaya bilang direktor ng Bases Conversion Development Authority; Edgardo Espinosa, managing director ng Manila Economic and Cultural Authority; Proseso Maligaliq, pinuno ng Bataan Shipyard; Roberto Lastimoso, direktor ng Metro Rail Transit Corp.; Reynaldo Berroya, general manager ng Metro Rail Transit Corp.; Thompson Lantion, tagapagsalita at tagapangulo ng LTFRB; Enrique Galang, executive director ng Bureau of Immigration; Angel Atutubo, general manager on security services ng Manila International Airport Authority; Glenn Rabonza, direktor ng Office of Civil Defense; Abraham Abesamis, hepe ng National Telecommunications Commission; Edgardo Aglipay, pinuno ng Philippine Retirement Agency; Florencio Fianza, pinuno ng Philippine Racing Commission; at Dionisio Santiago, hepe ng Philippine Drug Enforcement Agency.

Pinoproblema ni Arroyo kung saan itatalaga si Jovito Palparan. Marami ang tutol sa pagtatalaga kay Palparan dahil sa kanyang duguang rekord sa paglabag sa karapatang-tao. Kamakailan, nabanggit ang balak na italaga si Palparan bilang pinuno ng Philippine Drug Enforcement Agency o kaya ng Dangerous Drugs Board.



Pagsusuko ng pambansang teritoryo sa China

Pinagkakanulo ng 2009 Baseline Bill ang teritoryo ng Pilipinas sa China. Ang panukalang batas na ito, na nagtatakda ng hangganan ng teritoryo ng Pilipinas, ay inaprubahan noong Pebrero 18 ng Senado at Kongreso sa tulak ng Malacañang. Pirma na lamang ni Gloria Arroyo ang kulang para maging ganap na batas ito.

Nakasaad sa panukalang batas na iginigiit pa rin ng Pilipinas ang soberanya nito sa Kalayaan Islands at Scarborough Shoals, pero kasabay nito'y binabansagang "regime of islands" na lamang ang naturang teritoryo—bilang pagkilala na mayroong iba pang mga bansang umaangkin sa bahagi o kabuuan nito. Pinahina nang husto ng bagong baselines (depinisyon ng mga hangganan) ng Pilipinas ang pagqiqiit nq karapatan nito sa naturang teritoryo. Sa katunayan ay isinusuko na ng Pilipinas ang eksklusibong karapatan nito sa Kalayaan Islands (Spratlys sa internasyunal na katawagan) at karatig na Scarborough Shoals.

Bukod sa Pilipinas, inaangkin din ng China, Vietnam, Malaysia at Brunei ang ilang bahagi o kabuuan ng Kalayaan Islands. Ang China ang siyang pinakamagiit sa iba pang umaangkin sa naturang teritoryo.


Ang pagsuko ng rehimeng Arroyo sa Kalayaan at Scarborough Shoals ay ginawa kapalit ng mga pabuyang tinatamasa nina Gloria at Mike Arroyo mula sa malalaking korap na burukrata at kumprador sa China. Kabayaran nila ito mula sa China kapalit ng milyun-milyong dolyar na suhol at kurakot na nakamal ng mag-asawang Arroyo at mga alipures nila mula sa matatabang kontrata, kabilang ang maanomalyang proyektong NBN-ZTE, North Rail at South Rail, Cyber-education, kontratang pagmimina sa Mount Diwalwal at iba pa. Mula nang pasukin ni Gloria Arroyo ang sangkatutak na maaanomalyang kontratang ito, itinutulak na niya ang pagtatanggal ng Kalayaan Islands at Scarborough Shoals mula sa takdang teritoryo ng Pilipinas upang bigyang-daan ang pag-angkin ng gubyernong Chinese sa mga islang ito.

Bahagi ng mga hakbangin ni Arroyo sa pagsusuko ng soberanya ng Pilipinas sa Spratlys at Scarborough Shoals ang pagpirma ng Pilipinas at China noong 2004 sa Joint Marine Seismic Undertaking (JMSU). Ang kasunduan ay nagpapahintulot sa China na magsagawa ng ekslusibong eksplorasyon at pangangalap ng datos sa Spratlys mismo at sa paligid nito. Matapos ang kanilang pag-aaral noong huling bahagi ng 2005, tinaya ng Geology and Mineral Resources Ministry ng China na ang Spratlys ay

mayroonq reserbang langis at natural gas na 17.7 bilyong tonelada mas malaki sa reserbang langis ng Kuwait, na kinikilalang may ikaapat na pinakamalaking reserbang langis sa buong mundo. Walang ibinahagi ang China sa Pilipinas sa mga impormasyong nakalap nito mula sa JMSU.

Ang bagong panukalang baselines ng rehimeng Arroyo ay mas makitid kaysa sa mga dati nang naisabatas na depinisyon ng teritoryo ng bansa sa ilalim ng Republic Act 3046 (1961) na inamyendahan ng Republic Act 5446 (1968). Dati'y saklaw ng teritoryo ng Pilipinas ang buong karagatan at mga isla sa loob ng 200 nautical miles (katumbas ng 370 kilometro) sa paligid nito, na itinuturing na eksklusibong sonang pang-ekonomya ng bansa, qayundin ang iba pang bahagi ng teritoryo ng Pilipinas na itinakda ng lahat ng mga internasyunal na tratado mula 1898. Kabilang na rito ang Kalayaan Islands, na 25 kilometro lamang ang layo sa kanlurang dulong bahagi ng Palawan.

Lumaki ang interes sa Spratlys matapos makatuklas dito ng *natural gas* ang Pilipinas noong 1976. Sa ngayon ay dito nagmumula ang 15% ng kabuuang kinokonsumong langis sa bansa. Maraming depositong langis, mineral at iba pang likas na yaman ang Spratlys at karagatan sa paligid nito. Sa pagsuko ng Pilipinas ng karapatan nito sa Spratlys, nanganganib na ring mawala ang kaparatan ng mamamayang Pilipinong makinabang sa mga likas na yaman doon.



12 sundalo, patay sa ambus sa Sorsogon

Labindalawang sundalo ang napatay nang tambangan sila ng mga gerilya ng Celso Minguez Command ng BHB (CMC-BHB) sa Barangay Batang, Irosin, Sorsogon nitong Pebrero 15. Walang anumang kaswalti sa panig ng BHB. Ang mga napatay ay bahagi ng isang platun ng Scout Rangers at apat na sundalong Amerikano na nagsasagawa ng clearing operations sa mga liblib na barangay ng Juban at Irosin.

Bukod sa mga napatay, walo rin ang nasugatan at isinakay sa dalawang helikopter. Karamihan sa mga kaswalti dulot ng command-detonated explosives. Apat namang sundalo ang tumalilis sa labanan at nagtago sa isang bahay sa sentro ng Barangay Batang.

Ayon kay Ka Gregorio Bañares, tagapagsalita ng

NDF-Bicol, ang naturang ambus ay sagot ng CMC-BHB sa panawagan ng mamamayan na ubos-kayang labanan ang militarisasyon sa kanayunan sa balangkas ng OBL2 at tutulan ang ilulunsad na Balikatan sa Kabikulan at sa buong bansa.

Humingi naman ng paumanhin ang CMC-BHB sa mga pasahero, motorista, drayber at konduktor dahil sa idinulot na matinding abala sa kanilang byahe at epekto sa hanapbuhay gayundin sa taumbaryo, sa pagputol ng kahoy na ginawang harang sa kalsada. Anang CMC-BHB, layunin nitong tiyakin ang kaligtasan ng mga sibilyan at maiiwas sila sa *crossfire* at iba pang peligro kaugnay ng mga taktikal na opensiba ng BHB.

Detatsment ng CAFGU, sinalakay

Dalawang tropa ng Philippine Army at anim na elemento ng CAFGU ang napatay nang salakayin ng isang tim ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang detatsment nito sa Barangay Poot, Pandan, Catanduanes noong Enero 22.

Walong tropa ng CAFGU naman ang nasugatan.

Ang pagsalakay ay parusa para sa mahabang listahan ng mga abuso ng militar sa naturang detatsment, ayon sa BHB-Catanduanes.

Sundalo, patay sa harasment ng BHB

Isang sundalo ng commando unit ng 47th IB ang napatay sa aksyong harasment na inilunsad ng isang iskwad ng Jose Percival Estocada Jr. Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Barangay Aglinab, Tapaz, Capiz noong Enero 25. Tinangkang pagtakpan ng pamunuan ng 3rd ID ng Philippine Army ang pangyayari ngunit napilitan ding aminin ito dahil di iilang residente ang nakakita sa kanilang kaswalti. Gayunman, sinabi ng militar na dehado umano ang BHB sa nangyaring labanan.

Noong umagang iyon, hindi namalayan ng mga sundalo na nakalapit na pala ang mga Pulang mandirigma. Mahimbing silang natutulog sa isang lugar sa Barangay Aglinab. Mga 15 metro ang layo ng mga Pulang mandirigma sa natutulog na mga pasista nang paputukan nila ang mga ito bandang alas-6 ng umaga. Ilang minuto pa ang nakalipas at nakaatras na ang mga gerilya bago makaganti ng mga putok ang nagulantang na mga "piling" tropa ng militar.

Pangalawang pagkakataon itong napinsalaan ng BHB ang commando unit ng 47th IB. Noong Nobyembre 29, ang grupong ito ay inambus ng BHB sa pagitan ng Barangay Masaroy, Calinog, Iloilo at Barangay Buri, Tapaz, Capiz. Tatlo ang namatay at isa ang nasugatan sa kaaway. Itinago nila ang kanilang mga kaswalti ngunit maraming taumbaryo ang nakakita nang ipuslit nila ang mga ito patungo sa kanilang hedkwarters.

Asyenda ni Danding, nireyd

Sinalakay ng isang yunit ng BHB sa ilalim ng Leonardo Panaligan Command-Central Negros ang isang asyenda ng malaking burgesya-kumprador at panginoong maylupa na si Eduardo "Danding" Cojuangco Jr. sa Barangay Tooy, Himamaylan City noong Pebrero 8. Kinumpiska nito ang dalawang shotgun at tatlong pistola ng mga armadong bantay ng Hacienda Nieva, pati na ang ilang kagamitang pamproduksyon at sinira ang ilang malalaking makinarya.

Ayon kay Ka Frank Fernandez, tagapagsalita ng NDF-Negros, ang armadong aksyong ito ng BHB ay bahagi ng inilulunsad na rebolusyong agraryo sa Negros para maipamahagi nang libre ng rebolusyonaryong kilusan sa mga magsasaka at manggagawang bukid ang biyaya ng 5,000 ektaryang lupang agrikultural ng pamilyang Cojuangco. Si Danding Cojuangco ay isa sa mga pinakamalalapit na kroni ng noo'y diktador na si Ferdinand Marcos. Masugid siyang alyado ng pamilyang Arroyo.



Limang dekadang paglilingkod sa sambayanan

 ${f I}$ pinagdiwang ng pamilya, mga kaibi-gan, kasama at ng buong rebolusyonaryong kilusan ang limang dekadang paglilingkod ni Kasamang Jose Maria "Ka Joema" Sison sa okasyon ng kanyang ika-70 araw ng kapanganakan noong Pebrero 8.

Sa Nassau Church sa Amsterdam, The Netherlands, nagdaos ng isang araw na paqdiriwang ang mga kaibigan at kasamang nakadistyero roon. Tampok sa pagdiriwang ang isang pangkulturang pagtatanghal na nagpakita ng limang dekadang pagkilos ni Ka Joema at ang kanyang naging mga kontribusyon sa pagsusulong ng rebolusyon sa Pilipinas at sa daigdig nitong nakaraang mahigit nang 50 taon.

Noong Pebrero 19, inilunsad ang kanyang librong Selected Writings of Jose Maria Sison sa University of the Philippines sa Quezon City. Ang unang bahagi ng libro ay tungkol sa hustisya, sosyalismo at kapayapaan habang ang ikalawang bahagi ay tungkol sa demokrasya at sosyalismo laban sa imperyalistang globalisasyon. Nagbibigay ang libro ng matatag na rebolusyonaryong pananaw sa gitna ng lumalalang krisis sa buong mundo.

Presyo ng palay, napataas ng mga magsasaka

atagumpay na naigiit ng mga magsasaka sa Igbaras, Iloilo ang pagtaas ng presyo ng kanilang produktong palay noong anihan ng Setyembre-Oktubre 2008. Napataas nila nang hanggang P15 kada kilo ang presyo ng primera klaseng palay, mula sa dating \$\P\$13 kada kilo. Umaabot sa 50 pamilyang magsasaka ang nabiyayaan sa pagtaas na ito. Mahigit 100 sako ang ibinenta ng mga magsasaka roon.

Mula pa noong dekada 1980, karaniwa'y napapako ang presyo sa ₱6-7 kada kilo ng di pa gaanong tuyong palay at ₱8-9 kada kilo ng tuyong palay. Tuwing tagsalat (mula Hunyo hanggang Agosto) naman, kung kailan ubos na ang palay na pangkonsumo ng mga magsasaka pero hindi pa naaani ang kanilang mga tanim, napipilitan ang mga magsasaka na bumili ng palay sa halagang ₱12-13 kada kilo. Umaabot sa mahigit 100% ang tubo ng mga mapagsamantalang negosyante. Ang segunda klaseng bigas naman ay nagkakahalaga ng \$\text{P800}\$ at ang super white av P1,000 bawat sako tuwing tag-ani. Pero umaabot ng P1,200 kada sako ang super white tuwing tagsalat.

Para epektibong maigiit ang pagpapataas ng presyo ng palay, organisado ang naging pagkilos ng mga magsasaka sa sampung barangay sa Igbaras sa pamamagitan ng kanilang kooperatiba.

Pinatunayan ng kanilang matagumpay na pakikibaka ang kawastuan ng kanilang mga panawagan at pagkilos. Nangalap sila ng mga lagda para sa kanilang petisyon na itaas ang presyo ng palay sa iba pang mga barangay. Malawak at malalim ang naging suporta ng iba pang magsasaka sa petisyong ito. Nakipagdayalogo rin sila sa mga upisyal ng pamahalaang bayan ng Igbaras para matulungan sila sa kanilang mga hinaing.

Nang makipagdayalogo naman sila sa mga negosyante ng palay, nangako ang mga ito na magtataas ng presyo pero hindi iyon kagyat na ipinatupad ng karamihan sa kanila. Dahil dito, nagpasya ang mga magsasaka na ibenta nang bultuhan ang kanilang palay sa isang partikular na negosyante na sumang-ayon at aktwal na nagtaas ng presyo kapalit ng malaking bolyum na ibebenta sa kanya.

Bago pa ito, naglunsad din ang mga magsasaka ng kampanya para itaas ang kanilang produksyon. Gumamit sila ng mga tradisyunal na binhi ng palay na may mataas na ani at hindi umaasa sa abonong komersyal at pestisidyo. Iniwasan nila ang mga high-yielding na klase ng palay na nakaasa sa napakamahal na mga abonong komersyal at pestisidyo. Kasabay nito, pinauunlad din nila ang pagtatanim ng iba pang mga halamang ugat

(Halaw sa Daba-Daba, ang rebolusyonaryong pahayagang masa ng Panay.)



7 sibilyan, nasugatan sa clearing operation ng AFP

Pitok ng AFP sa Albay kaugnay ng *clearing operations* para sa Balikatan sa Bicol. Sa Nueva Ecija, malawakang dislokasyon ang ibinubunga ng sapilitang pagpapalikas ng mga reaksyunaryong tropa sa mamamayan dahil sa mabangis na operasyong militar nito. Sa Batangas, isa na namang aktibistang pastor ang iligal na inaresto samantalang sa Northern Samar, tatlo katao, kabilang ang isang istap ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang inaresto rin nang walang mandamyento at sinampahan ng gawa-gawang kaso. Sa Davao Oriental, inaresto ng militar ang isang madreng aktibo sa pakikibaka laban sa pagmimina.

Samantala, mismong ang Commission on Human Rights (CHR) ay nababahala na sa anito'y padron ng arbitraryong pang-aaresto at pagsasampa ng mga kasong kriminal laban sa mga aktibista. Anang CHR, bahagya ngang bumaba ang kaso ng pamamaslang sa mga aktibista pero dumami naman ang mga kaso ng pagsasampa ng mga kasong kriminal na di makapagpipyansa ang mga akusado.

Sumusunod ang pinakahuling mga kasong nakalap ng *Ang Bayan*:

Pebrero 18. Pitong sibilyan ang nasugatan nang walang pakundangang paputukan ng mga tropa ng 901st Bde ang dalawang bahay sa Barangay Balanac,

Ligao City. Nagpaputok ng M203 grenade launcher dakong alas-11:30 ng umaga ang mga elemento ng 901st Bde habang nagsasagawa ng clearing operations sa lugar bilang paghahanda sa gaganaping Balikatan. Tinamaan at nasunog ang

bahay ng mag-asawang Henry at Eufemia Polvorido. Tinamaan din ang bahay ng mag-asawang Heremias at Jocelyn Polvorido kung saan naroroon ang maliliit na bata at anak ng mag-asawa. Malubhang

nasugatan at kritikal ang kalagayan nina Raphaela (16 buwan), Ina (5 taon), Daisy (4 na taon),

Jullus (2 taon) at Andrea (4 na taon). Tinamaan din ng *shrapnel* ang mga ina ng mga bata.

Pebrero 16. Iligal na inaresto ng mga elemento ng 67th IB si Sr. Estela Matutina (OSB), myembro ng Panalipdan, isang grupong lumala-

ban sa malawakang pagmimina at pagkawasak ng kapaligiran. Si Sr. Estela at iba pang myembro ng Panalipdan ay nasa Cateel, Davao Oriental para konsultahin ang mga residente hinggil sa mga aktibidad ng Omega Gold Mining na pinoprotektahan ng militar.

Pebrero 11. Dinukot ng mga operatiba ng Philippine Air Force at Regional Intelligence Unit ng Calabarzon (Calamba-Laguna-Batangas-

Rizal-Quezon)-PNP ang isang pastor ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP) sa Barangay Alupay, Rosario, Batangas. Walang kaukulang mandamyento nang arestuhin ng anim na sundalo si Edwin Egar, 45, habang nasa bahay siya ng kanyang ka-

mag-anak bandang alas-5 ng hapon. Pwersahan siyang isinakay sa isang itim na van at nakasunod rito ang bak-ap na isang kotseng Honda Civic. Dinala siya sa Camp Vicente Lim, Laguna at pilit na pinaaamin na kilala niya ang pinaghahanap na mga aktibista. Pinakawalan lamang siya matapos ang mahabang interogasyon. Si Pastor Egar ay aktibong kasapi ng Commission on Christian Witness and Protection ng UCCP na nagtataguyod sa proteksyon ng karapatangtao at kapaligiran.

Enero 31. Sapilitang pinalikas ng mga elemento ng 71st IB ang 112 pamilya mula sa dalawang barangay ng Pantabangan, Nueva Eci-

> ja. Ito'y matapos tambangan ng BHB ang mga sundalo

ng naturang yunit militar sa Kilometer 5 ng
National Highway patungo sa Pantabangan.
Isang sundalo ang napatay at dalawa pa sa kanila ang nasugatan sa ambus na

iyon. Bunsod ng nagpapatuloy na operasyong militar ay napilitang magsiksikan ang daan-daang taumbaryo sa Malbang Barangay High School, Barangay Malbang at sa barangay hall ng Villa Rica, Pantabangan. Bukod sa nagugutom na sa mga evacuation center ang mga bakwit, nababahala rin sila dahil inaani na ng ibang tao ang kanilang mga pananim at kinakatay ang kanilang mga hayop.

mga elementong militar sina Remegio Burac, 49; Felicidad Caparal, 30; at Marites Jumadiao, 38. Ang tatlo ay dinakip ng mga sundalo sa isang tsekpoynt sa Barangay Urdaneta, Lavezares, Northern Samar noong Enero 27. Walang dalang mandamyento de aresto ang mga dumakip sa kanila. Para pagtakpan ang iligal na pag-aresto sa tatlong



biktima, pinalabas ng militar na noong Enero 31 lamang sila nahuli. Noong Pebrero 4 lamang sila ipinrisinta sa midya, matapos makapaghanda ang militar ng mga pekeng mandamyento laban sa kanila.

Pilit iniuugnay sa rebolusyonaryong armadong kilusan ang tatlong biktima. Si Caparal, istap ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (UMA-KMP), at si Jumadiao ay sinampahan ng gawa-gawang kasong *multiple murder* kaugnay ng isa umanong ambus ng BHB noong Disyembre 2002 sa Catarman, Northern Samar na ikina-

matay ng dalawang sundalo. Si Burac naman ay may kaso rin umanong *multiple murder* kaugnay ng isang ambus ng BHB noong Hunyo 2000 sa Maslog, Eastern Samar na ikinamatay ng walong sundalo.

Kasalukuyang nakakulong sa provincial jail sa Dancalan, Bobon, Northern Samar sina Jumadiao at Caparal samantalang si Burac ay hindi pa muling iniliitaw at hindi pinahihintulutang makipag-ugnayan sa kanyang mga kamag-anak at abugado matapos ang presentasyon sa midya. Hindi rin sinasabi ng militar kung saan siya nakadetine.

Kahayupan ng AFP, isinalaysay ni Manalo

atlong taon na ang lumipas pero hindi na kailanman malilimutan ni Raymond Manalo ang Araw ng mga Puso taong 2006. Nagpapahinga siya noon sa kanilang bahay sa San Ildefonso, Bulacan. Hinihintay niya ang oras ng pagtatagpo nilang magkasintahan bandang alas-5 ng hapon. Ngunit hindi na sumapit ang saglit na iyon.

Biglang pinasok ang kanilang bahay ng mga armadong utusan ni Maj. Gen. Jovito Palparan Jr. Dalidaling dinukot si Raymond at ang kanyang nakatatandang kapatid na si Reynaldo na noo'y naghahango ng uling. Pinagbintangan silang mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Pilit silang isinakay sa isang van at piniringan. Matagal ang kanilang byahe. Sa loob pa lamang ng sasakyan ay walang tigil na ang pagsuntok sa tiyan at dibdib nila. Madilim na nang dumating sila sa isang bahay.

Sa loob ng labingwalong buwan, kapwa sila itinuring na mga desaparecido (nawawala) matapos silang itago ni Palparan sa kanyang mga lihim na kulungan sa Nueva Ecija, Bataan at Pangasinan. Nakatakas na lamang sila noong Agosto 12, 2007. Utang ng sambayanang Pilipino sa magkapatid na Manalo ang determinasyong mabuhay at lumaya. Sa pamamagitan nila, naisisiwalat ngayon ang katotohanan tungkol sa mga pasistang krimen ng rehimeng Arroyo.

Sa kanyang sinumpaang sa-

laysay, pagtestigo sa korte at mga interbyu, inilahad ni Raymond ang mga dinanas nilang pagpapahirap sa kamay ng mga pasistang militar. Nakita rin niya ang iba pang mga aktibistang noo'y nawawala at kung paano rin sila isinailalim sa makahayop na tortyur.

Pagdating sa pinagdalhan sa kanilang bahay, ipinasok sila sa magkaibang kwarto. Sa mga unang

oras ng kanilang pagkakabihag, dinig na dinig ni Raymond ang pagmamakaawa ng kanyang kapatid habang pinahihirapan ito.

Kinagabihan, pinagdiskitahan din si
Raymond. Pinasok ng isang
lalaki ang
kwartong kulungan niya. Pinagsisipa siya
sa dibdib at sa

tagiliran. Ibinuhos sa ilong niya ang kanya mismong ihi. Pinaso siya, hinampas ng baril at pinagpapalo ng dos-por-kwatrong kahoy ang kanyang puwit. Kasabay niyon, walang tigil ang pagtortyur kay Reynaldo.

Para lamang matigil ang pagtortyur, inamin niya ang lahat ng ibinibintang sa kanya kahit wala itong katotohanan. Na siya ay tagadala ng mga sulat. Na siya nga ay kasapi ng BHB. Na siya ang pumatay sa kung sinu-sinong mga taong binabanggit sa kanila. "Bukas papatayin namin kayo," banta ng





mga militar sa magkapatid na Manalo.

Binuhay pa rin sila para lamang patuloy pang pagmalupitan.

Siksikan sa isang maliit na hawla. Ikinulong sina Raymond sa isang animo'v hawla na may sukat ng kwatro por uno piye. Masikip ito kahit para sa isang tao ngunit apat silang pilit isiniksik doon. Ang gilid niyon ay mga hollow block habang rehas na bakal ang harapan. Kung minsan, habang nag-iinuman ang mga sundalo, pinalalabas siya para gawing katuwaan. Binubuksan nila ang hose ng tubig at isinasaksak ito sa kanyang ilong. So sobrang hina niya matapos paglaruan ay gumagapang na lamang si Raymond pabalik sa kanyang hawla. Paulit-ulit ang gayong kahayupan sa kanila.

Halos tatlong buwan sila sa bartolinang ito. Hindi sila nasisilayan ng araw at hindi nakalalanghap ng sariwang hangin. Halos naging buto't balat sila sa hawlang iyon. Hindi sila halos makatayo. Kung qaqalaw sila ay pwersadong pagapang dahil pinagdurugtong ng maikling kadena ang mga kamay at paa nila. Bihira silang pakainin at kung bibigyan ma'y mga tira-tirang parang kaning baboy.

Isang araw ay dinala si Raymond sa isang barangay hall at doon niva nakita nang personal si Palparan, and hepe nd 7th Infantry Division ng Philippine Army. Ani Palparan, "bubuhayin namin kayong magkapatid basta't makipagtulungan kayo sa amin." Ipakikita umano si Raymond sa kanyang mga magulang.

May kadenang bakal ang baywang ni Raymond nang dalhin siya sa kanilang bahay. Pinaliligiran siya ng mga pasista. Sinunod ni Raymond ang lahat ng iniutos sa kanya ni Palparan: Sinabihan niya ang kanyang mga magulang na huwag nang dumalo sa pagdinig para sa writ of habeas corpus nilang magkapatid, huwag na silang sumama sa mga rali, at huwag makipagtulungan sa Karapatan at iba pang taqapaqtaquyod ng karapatang-tao.

Noong Nobyembre 21, 2006, inilipat silang magkapatid mula sa himpilan ng 69th IB tungo sa detatsment ng 24th IB sa Barangay Bliss, Limay, Bataan. Doo'y qinawa si Raymond na tagapagluto, tagaiqib ng tubiq, tagatali ng mga kambing na ninanakaw ng mga sundalo sa mga taumbaryo, tagapaghugas ng mga sasakyan at tagapaglinis. Minsa'y inuutusan din siyang mamalengke.

Pagpapahirap sa iba pang bilanggo. Isang linggo matapos silang ilipat sa Bataan, habang naglilinis sa detatsment av nakita ni Raymond si Karen Empeño na nakakadena ang paa at nakatali sa isang katre. Ayon kay Raymond, nabangqit sa kanya ni Karen na siya ay pinagsamantalahan ng mga sundalo. Nakita rin niya ang magsasakang si Tatay Manuel Merino. Bandang huli pa ay dumating si Sherlyn Cadapan. (Ang tatlong ito ay dinukot noong Hunyo 2006 sa isang baryo ng Hagonoy, Bulacan.)

Nasaksihan ni Raymond kung paano kaladkarin palabas ng kanilang selda ang dalawang babae, hinuhubaran ng kanilang mga damit, hinahataw ng mga tabla at kadena, pinapaso ng sigarilyo, kinukuryente, nilulunod sa tubiq, pinapasakan ng kahoy ang kanilang mga ari, sinasaksakan ng *hose* ang kanilang mga ilong at bunganga. Nanonood ang mga asawa ng mga sundalo habang sila ay nilalapastangan. Kinabukasan, inuutusan ng militar si Raymond na labhan ang mga duguang panty ng dalawang babae. Noong panahon na kasama nila sina Karen at Sherlyn, tagalaba ang dalawa ng mga damit ng mga sundalo, tagamasahe at tagawalis sa tirahan ng mga militar.

Makaraan ang isang buwan, nawala sina Karen at Sherlyn. Kasunod nila ay may iba pang mga nakapiit sa detatsment na matapos kunin mula sa selda av hindi na ibinalik. Isang gabi ng Hunyo 2007, inilabas ng mga sundalo si Manuel Merino mula sa kanyang kulungan. Nariniq ni Raymond ang pagsigaw at pag-ungol ng matandang magsasaka. Nang sumilip siya sa bintana, nakita ni Raymond na patay na ito at sinusunog ng mga sundalo ang kanyang bangkay. Sa tuwirang nasaksihan ni Raymond, si Merino ang ikapitong pinatay at sinunog sa detatsment na iyon.

Nakita rin ni Raymond ang pagpapahirap sa mag-asawang sina Vergilio at Teresa Calilap, Ikinulong sila dalawang selda ang layo mula sa kanya. Si Teresa ay nasiraan ng bait matapos siya gahasain at tortyurin ng mga sundalo.

Marami pang mga nasaksihang pagpapahirap ng militar sina Raymond. Halimbawa nito'y ang pagdadala ng mga bihag na nakapiring ang mata, pagpapahukay sa kanila ng paglilibingan, pagbubuhos ng gasolina at pagsunog sa mga bangkay at iba pang karumal-dumal na gawain. Ang karima-rimarim na mga pangyayaring ito ay palaging nasa isipan ni Raymond. Ito ang dahilan kung bakit lalong tumindi ang determinasyon nilang magkapatid na tumakas at isiwalat sa publiko ang katotohanan, anuman ang mangyari sa kanya.

Pagtakas. Noong Hulyo 2007, dinala ni M/Sqt. Donald Caigas ang magkapatid sa isang baryo sa Bolinao, Pangasinan. Si Caigas ay isa sa mga pinakapinagkakatiwalaang berdugo ni Palparan. Pinagtrabaho sila sa lupa ni Caigas doon. Dito sila nagsimulang mag-ipon ng pera para may magamit sa binabalak ni-



lang pagtakas. Gabi ng Agosto 12, nakatulog ang mga sundalong bantay nila at dito nakakita ng pagkakataon ang magkapatid. Dali-dali silang nakapuslit. Agad silang nakasakay ng bus patungong Cubao sa Quezon City. Hindi sila magkatabi sa loob ng bus. Sinabihan ni Raymond si Reynaldo na sakaling hulihin sila ay pilitin nilang mag-iskandalo sa loob ng sasakyan para mapag-alaman ng marami ang nangyayari sa kanila.

Sa kanilang pagtestigo, kumbinsido ang Korte Suprema sa malinaw at makatotohanang pagsasalaysay ni Raymond Manalo sa kanilang mga karanasan habang nasa kamay ng mga kampon ni Palparan. Noong Oktubre 6, 2008, pinagtibay ng Korte Suprema ang nauna nang desisyon ng Court of Appeals na gawaran ng writ of amparo and madkapatid.

Gayunman, mailap pa rin ang katarungan para sa kanila at maraming iba pang mga biktima ng pang-aabusong militar.

Sa kabila ng napakarami nang testigo at ebidensya ng krimen ni General Palparan, patulov sivang hindi naparurusahan. Katunayan, matapos siyang magretiro, ninais pa siyang gantimpalaan ni Gloria Arroyo ng bagong pwesto sa gubverno. Pinlano noong bigyan siya ng pusisyon bilang national security adviser. Binabalak din siya ngayong gawing pinuno ng Dangerous Drugs Board. Napakalakas lamang ng pagtutol kava't di matuluy-tuloy ang gantimpalang gustong igawad sa kanya ni Arroyo.

Subalit di hihinto ang mamamayang Pilipino sa pagsigaw ng katarungan. Maging ang mga rebolusyonaryong pwersa ay di hihinto sa pagkilos upang tulungan ang mga biktima na makamit ang inaasam nilang katarungan.

Katotohanan sa likod ng pambobomba sa Tulunan

alang pakundangang kinanyon at binomba ng eroplano at mga MG-520 na helikopter ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang kabundukan ng Tulunan, North Cotabato at Magsaysay, Davao del Sur noong Pebrero 6. Dahil dito, nabalot ng takot at napilitang lumikas ang mahigit 300 pamilya mula sa tribong B'laan na naninirahan sa limang barangay sa lugar. Pansamantala silang naninirahan ngayon sa multi-purpose building ng Barangay Bacung at iba pang evacuation center sa Tulunan.

Bago mangyari ang pambobomba, nagkaroon ng labanan sa pagitan ng mga Pulang mandirigma ng Valentin Palamine Command (VPC) sa ilalim ng Mt. Alip Command-Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Far South Mindanao Region at mga tropa ng 57th IB sa Sityo Samwi, Baran-

Bacung. qay Tatlo ang kaswalti sa hanay ng mga sundalo. Napatay naman sa labanan si Pedro Fabillo (Ka Jek-Jek), isang kasapi ng 👡 milisyang bayan.

Bago ito, nagkaengkwentro ang mga elemento ng 57th IB at mga Pulang mandirigma ng VPC-BHB sa Sityo At Dulay, Barangay Bacung noong Pebrero 2. Nagbuwis dito ng buhay si Jerry "Ka Edmund" Saliga.

Kasabay ng pambobomba, bumuhos ang mga tropa ng AFP sa magkakanugnog na baryo. Sa Luayon, Makilala, North Cotabato, hinuli ng militar si Danilo Maligante, isang manggagawang bukid. Ang tanging kasalanan niya ay dumating siya sa baryo na pinangyarihan ng isa sa mga serye ng labanan upang mag-ani ng mani.

Para mapagtakpan ang mga pangyayari at magbida sa kanilang mga amo, binaliktad at labis na binaluktot ng AFP ang mga pangyayari. Ani Lt. Col. Milfredo Meligrito, hepe ng 57th IB, pitong myembro raw ng BHB ang napatay sa pambobomba na isinagawa ng AFP kahit walang kaswalti ang BHB rito. Matataas na upisval pa umano ng Front 72 ang hinuling maq-aani ng mani na si Danilo Maligante

> 📑 ang mga napatay sa mga la-🗳 banan. Naglulunsad ng

mga operasyong militar and AFP at rehimen sa Makilala at Tulunan, North

Cotabato upang palayasin sa lugar ang mga rebolusyonaryong pwersa para tuluy-tuloy at walang hadlang na makapang-agaw ng lupa ang mga dayuhang kumpanya tulad ng Dole-Stanfilco. Layunin din nitong tabingan ang mga taqumpay ng BHB at mamamayan matapos ang dalawang matataqumpay na paq-atake laban sa dambuhalang mang-aagaw ng lupa na Dole-Stanfilco noong nakaraang taon. Pinarusahan ng BHB ang kumpanya dahil sa matinding panloloko nito sa mga ordinaryong magsasaka, pagkasira ng mga pananim ng mga magsasaka sa paligid ng sagingan dahil sa mga pestisidyo na ginagamit nito, sobrang pagpiga sa mga manggagawa at pananakot sa mga residente sa mga lugar ng kanilang operasyon. ΑB



Lumalawak na ligalig sa gitna ng resesyon sa Europe

Simula Enero ng taong ito, tinatayang 80,000 ang natatanggal sa trabaho araw-araw sa buong mundo. Bunsod ito ng malalim na resesyon na kinasasadlakan ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Nangangalugi o nangagsasara ang mga kumpanya. Upang hindi mabangkarote, ang ilang kumpanya ay nagbabawas ng sahod ng kanilang mga manggagawa, nagpapatupad ng mas maiksing oras ng paggawa o kaya'y kumukuha ng mga baguhan at temporaryong manggagawa.

Galit at protesta ang tugon ng masang manggagawa. Sa Europe, animo'y apoy na mabilis na kumakalat ang malalaking demonstrasyon laban sa malawakang tanggalan, kawalan ng trabaho at pagwawalambahala ng mga gubyerno. Sumusunod ang mga tampok na protesta nitong nagdaang mga linggo:

France. Humugos sa mga kalsada at naglunsad ng isang araw na welga noong Enero 29 ang mahigit isang milyong manggagawa, empleyado at iba pang sektor para igit sa gubyernong Sarkozy na aksyunan ang hiling ng mga manggagawa sa benepisyo at sahod. Kinundena ng mga nagwelga ang agarang pagsasalba sa mga bangko samantalang walang ibinibigay na tulong sa gipit na gipit nang mga manggagawa.

Greece. Nagwelga and mga manggagawa nitong Enero, pangunahin sa sektor ng transportasyon, agrikultura at pangisdaan, upang igiit ang agarang pagbibigay ng dagdag na benepisyo at pigilan ang pagkawala ng mga trabaho laluna sa nanganganib na mga sektor. Bago ito, nagkaroon ng mga riot noong Disyembre 2008 sa Greece dahil sa pagpatay ng mga pulis sa isang kabataan. Ang mga protesta ay lumawak at nilahukan ng mga manggagawang galit dahil sa kawalan ng trabaho, kahirapan at di pag-aksyon ng gubyerno sa hinaing

ng mga mamamayan.

Italy. Nitong Pebrero 13, sinalubong ng protesta ng mga unyon sa Italy ang pulong ng G7 sa Rome, kabisera ng bansa. Ipinakita ng mga nagprotesta ang paglaban nila sa pagwawalambahala ng gubyerno nila at ng mga imperyalistang bansang kasali sa G7 sa kahirapang dinaranas ng mga manggagawa at malawakang tanggalan sa trabaho. Ang G7 ay grupo ng mga ministro sa pinansya at bangko sentral ng mga imperyalistang bansang US, UK, Japan, Italy, France, Germany at Canada.

United Kingdom. Nagwelga simula nitong Enero ang mga mangqaqawa sa mga oil rig (istruktura para sa paghuhukay ng langis) at mga plantang pangkuryente para tutulan ang pagtatanggal ng mga manggagawang matagal na sa trabaho at pagpalit dito ng mga migranteng manggagawa. Nagbabadya ito ng paglakas ng rasismo at pagbubunton ng sisi sa mga migrante na inaakala nilang nang-aagaw sa empleyo nila. Umabot na ng dalawang milyon ang walang trabaho sa Great Britain na pinakamalaki sa loob ng 12 taon.

Russia. Sunud-sunod ang mga kilos-protesta ng mga manggagawa sa Russia simula Enero 31. Ang pinakamalaking demonstrasyon ay naganap sa Vladivostok, kung saan iginiit ang pagpapatalsik kay Prime



Minister Vladimir Putin. Pinangunahan ng Partido Komunista ang rali. Dating sentro ng mga pabrika ng sasakyan ang rehiyon na ngayo'y nakararanas ng malawakang tanggalan ng trabaho. Sa Moscow, kabisera ng Russia, inaresto ng mga pulis ang maraming myembro ng National Bolshevik Party, kasama ang lider nitong si Eduard Limonov.

Bago ito, mahigit 1,000 myembro ng Partido Komunista ang pinayagang magrali sa Moscow.

Sa mga di imperyalistang estado sa Europe, sunud-sunod ang mga riot laban sa kawalan ng aksyon ng mga gubyerno nila hinggil sa malalang problema sa trabaho at kahirapan ng buhay. Dito, lumalakas ang mga pagkilos ng maka-Kanan, kontra-migrante at kontra-minorvang mga grupo laban sa mga migrante na inaakala nilang nangaagaw ng mga trabahong dapat ay sa kanila. Kabilang dito ang mga bansang dating nasa blokeng Soviet tulad ng Lithuania, Czech Republic, Latvia at Bulgaria na umasa na ang pagpasok sa European Union ay magbibigay sa kanila ng kaunlaran at istabilidad.



Taon XL Blg. 4 Pebrero 21, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Ibasura ang VFA at iba pang di pantay na kasunduan

Panibagong dagok sa pambansang soberanya ang pagbabasura kamakailan ng Korte Suprema sa petisyon ng ilang patriyotikong personalidad na pawalambisa ang Visiting Forces Agreement (VFA).


Ang pagkatig na ito ng hukuman sa umano'y ligalidad ng VFA ay nagsisilbing basbas sa umiigting na interbensyong militar ng US sa bansa. Dahil dito, asahang lalong magiging walang pakundangan ang dati nang walang kaabug-abog na paglapastangan ng imperyalismong US sa soberanya ng Pilipinas.

Malaon nang itinuturing ng US na isa nilang malaking base militar ang buong Pilipinas. Ito ay dahil pinahihintulutan sila ng VFA na libreng maglabasmasok sa alinmang bahagi ng kapuluan. Sa pamamagitan ng tinataguriang joint military exercises, na ilang ulit at sunud-sunod na isinasagawa taun-taon, nagagawa ng US na panatilihin ang permanenteng presensya ng mga pwersang militar nito sa Pilipi-

Taliwas sa Konstitusyong 1987 ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas, dumadaong ang mga barkong militar ng US na may dalang armas nukleyar. Nagsasagawa sila ng mga operasyong paniktik, nagbibigay ng teknikal at iba pang ayuda sa reaksyunaryong AFP at lumalahok mismo sa mga operasyong kombat laban sa mga rebolusyonaryong pwersa at iba pang armadong

grupo sa bansa.

Marami nang ulat ng tuwirang paglahok ng mga pwersang Amerikano sa iba't ibang operasyong kombat sa Mindanao. Kabilang dito ang paglahok ng mga sundalong Amerikano sa mga operasyon ng AFP, hindi lamang laban sa mga pwersang Moro, kundi laban na rin sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nang patindihin ng 10th ID ng Philippine Army ang operasyong militar laban sa mga rebolusyonaryong base ng BHB sa Southern Mindanao noong kalagitnaan ng 2008, apat na tropang Amerikano ang naiulat na kasama sa *tacti*-



Mga tampok sa isyung ito...

nas.

Mga kliyente ng *preneed,* di nababayaran PAHINA 3

12 sundalo, patay sa ambus sa Sorsogon PAHINA 6 Ka Joema: 50 taong paglilingkod sa sambayanan PAHINA 7

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*